



Mga Impormasyon Tungkol sa Gamot

Pag-inom ng mga Gamot Laban sa HIV

Huling binago noong Mayo 2004

Ang mga gamot ay mahalagang bahagi sa paglunas sa HIV infection. Ang mga gamot na ito ay nagpapabagal sa pagdami ng HIV virus. Dahil ang HIV ay isang natatanging uri ng mikrobyo na tinatawag na retrovirus, ang mga gamot laban dito ay tinatawag na “anti-retrovirals”.

Anu-anong uri ng mga gamot ang mayroon laban sa HIV?

Iba't-iba ang uri ng mga gamot laban sa HIV. Bawa't isa sa mga ito ay kumikilos upang harangin ang iba't-ibang protinang kailangan ng HIV virus upang magparami.

Sa kasalukuyan, may tatlong pangunahin uri ng mga gamot laban sa HIV na mabibili:

- Mga gamot na humaharang sa protinang “Reverse Transcriptase”, o tinatawag na *Reverse Transcriptase Inhibitors o RT Inhibitors (RTI)*.
- Mga gamot na humaharang sa protinang “Protease”, kilala sa tawag na *Protease Inhibitors o PI*.
- Mga gamot na humaharang sa virus sa pagpasok sa cells na tinatawag na *Entry o Fusion inhibitors*.

Mga RT Inhibitor (nukes at non-nukes)

Ang RT Inhibitors ay nahahati sa tatlo batay sa pagkakaiba ng kabuuang chemical: Ang Nucleoside RT Inhibitors (tinatawag ding “Nukes”) at ang Non-nucleoside RT Inhibitors (tinatawag ding “Non-Nukes” o NNRTIs) at ang Nucleotide analogue RT Inhibitors (o NtRTIs).

- Mga gamot sa klase ng **nukes** (o **RTI**):
 - AZT (tinatawag ding Zidovudine o Retrovir)
 - ddI (Didanosine o Videx o Videx EC)
 - ddC (Zalcitabine o Hivid)
 - d4T (Stavudine o Zerit o Zerit XR)
 - 3TC (Lamivudine o Epivir)
 - Abacavir (Ziagen)
 - Combivir (pinaghalong AZT at 3TC)
 - Trizivir (pinaghalong AZT, 3TC at Abacavir)
- Mga gamot sa klase ng **non-nukes** (o **NNRTIs**):
 - Nevirapine (tinatawag ding Viramune)
 - Delavirdine (Rescriptor)
 - Efavirenz (Sustiva)
- Ang aprobadong gamot sa klase ng **NtRTI**:
 - Tenofovir (tinatawag ding Viread)



Mga Protease Inhibitors (PI)

- Ang mga gamot na nabibilang dito ay:
 - Saquinavir (Invirase at Fortovase)
 - Indinavir (Crixivan)
 - Ritonavir (Norvir)
 - Nelfinavir (Viracept)
 - Amprenavir (Agenerase)
 - KALETRA (lopinavir + ritonavir)

Mga Entry Inhibitors

- T-20 (Fuzeon)

Kailan ako dapat magsimulang uminom ng mga gamot laban sa HIV?

Ang pagsisimula ng pag-inom ng mga gamot laban sa HIV ay isang malaking pagpapasiya. Kailangan mong maging handa bago mo simulan ang mga gamot na ito dahil ito'y dapat inumin nang tama sa oras araw-araw upang umepekto. Ito'y maaaring mangahulugan ng pagbabago sa iyong pang-araw-araw na gawain at pamumuhay.

Mahalagang humanap ng doktor na may malawak na kaalaman tungkol sa paggamot ng HIV at nakakaintindi sa iyong kalagayan at kultura at makakatuwang mo sa pagpapasiya hinggil sa paggamot.

Ang mga gamot laban sa HIV ay ipinapayo kung:

- Ang T-cell count mo ay mas mababa sa 350
- Ang viral load (dami ng HIV virus sa dugo) ay mas mataas sa 55,000
- Nagkaroon na ng alinman sa mga palatandaan ng HIV

Aling gamot ang dapat kong inumin?

Ang pamantayan sa paggamot ng HIV sa ngayon ay pag-inom ng tatlong iba't-ibang klaseng gamot laban sa HIV.

May dalawang malaking dahilan sa sama-samang pag-inom ng iba't-ibang uri ng mga gamot laban sa HIV:

- Ang paggamit ng magkaibang uri ng gamot ay nakatutulong humarang sa magkakaibang protinang kailangan ng HIV virus sa bawa't hakbang ng pagpaparami, samakatwid, ito ay mas mabisa kaysa sa paggamit ng gamot na galling sa isang klase lamang.
- Ang HIV virus ay nagiibang anyo habang nagpaparami at nalalabanan nito ang mga gamot laban sa HIV. Ito ay nangagahulugan na ang mga gamot ay hindi na mabisa sa paglaban sa virus. Kapag gumamit ng iba-ibang gamot, mas nahihirapan ang virus sa pagbabago ng anyo at pagpapalakas sa paglaban sa sama-samang mga gamot.

Sa pagpili ng kung anu-anong gamot ang pagsasama-samahin, ikaw at ang iyong doktor ay kailangang mag-usap upang pag-isipan kung aling kombinasyon ang:

- Maglalaman ng iba't-ibang uri ng gamot laban sa HIV (na lumalaban sa HIV virus sa iba't-ibang yugto ng pagpaparami).
- Magpapalawak sa iyong kakayahang inumin ito nang regular at tama sa oras
- Makakabawas sa side effects
- Magbibigay-lugar para sa pamamaraang mapapagpilian sa hinaharap



Hingin ang lahat ng detalye at impormasyon sa iyong doktor o parmasyutika tungkol sa bawa't gamot na inihahatol. Kausapin sila tungkol sa mga bagay na bumabahala sa iyo bago simulang inumin ang mga gamot na ito.

Paano ko malalaman kung ang mga gamot na ito ay gumagana?

Kung ang mga gamot mo laban sa HIV ay gumagana (mabisa sa pagsugpo ng HIV virus), asahan mong:

- Bababa ang iyong viral load (mainam kung ito'y nasa undetectable level o hindi nakikita)
- Tataas ang bilang ng iyong T cell
- Mababawasan ang impeksyon at mga palatandaan ng HIV
- Linam ang kalagayan ng kalusugan

Kung madalas na magpapatingin sa doktor at magpapasuri ng dugo upang malaman ang Viral load at bilang ng T-cells, mapag-aalaman kung ang mga gamot ay gumagana.

Kailan ko kailangang palitan ang aking mga gamot?

Maaaring palitan ang mga gamot na iniinom nang sama sama kung:

- Hindi gumagana ang mga gamot (nabigo ang paggagamot)
- Nagbibigay ng masamang side effects

Kung kailangang palitan ang mga gamot dahil ang kombinasyon ay hindi mabisa o wala nang epekto sa pagsugpo sa mikrobyo, ang doktor ay magmumungkahing palitan ang dalawa sa tatlo o maaaring lahat ng gamot sa iyong kombinasyon. Kung nakainom ka na ng maraming iba't-ibang gamot laban sa HIV, maaaring magsagawa ang doctor mo ng isang espesyal na pagsusuri na kung tawagin ay "resistance testing" bago papalitan ang mga gamot mo. Ang pagsusuring ito ang makapagpaaalam sa iyo at sa doktor mo kung aling gamot ang hindi magiging mabisa sa HIV sa iyong katawan.

Kung kailangan itong palitan dahil sa mga side effects, ang doktor ay maaaring magmumungkahing bawasan ang inom ng gamot na nagbibigay ng suliranin o maaaring palitan ito ng ibang gamot. Hindi kailangang palitan ang lahat ng gamot na pinagsama-sama dahil gumagana pa ito.

Habang napag-aalaman ang mga epekto ng mga gamot sa HIV at mga bagong gamot, ang mga pamatnubay dito'y maaaring magbago. Tiyaking nakikipag-usap sa iyong doktor o parmasyutika upang makuha ang pinakabagong kaalaman at makapagpasya kung anong kombinasyon ng mga gamot ang pinakamainam na makatutugon sa iyong mga pangangailangan.

Copyright @ACAS 2001 & 2004. This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be downloaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: support@acas.org

Legal Disclaimer: While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.